# Mga Salaysay nina Gg. Manuel A. Abinales, Gg. Pablo Taon III at Gng. Francia M. Encinas

*Kami:*

> **Manuel "Ka Noli" A. Abinales,** 70 taong gulang, dating church worker na naging community organizer, rescuer, at founder ng Buklod Tao, gumagawa ng bangka, tubong Maynila, at sa kasalukuyan ay naninirahan sa Brgy, Banaba, San Mateo, Rizal;
>
> **Pablo Taon III**, 47 taong gulang, dating nananahi at nagre-repair ng damit, sa kasalukuyan ay Tagapangulo ng Buklod Tao, may asawa at dalawang anak, naninirahan sa Brgy. Banaba, San Mateo, Rizal; at,
>
> **Francia M. Encinas**, 52 taong gulang, biyuda, may tatlong anak, naninirahan sa Brgy. Banaba, San Mateo, Rizal, at sa ngayon ay nangangasiwa ng pinansyal at mga administratibong gawain ng Buklod Tao

*ay inanyayahan ni Bb. Desiree Llanos Dee, at kami ay pumayag, na magbahagi ng aming karanasan noong panahon ng super typhoon Ondoy at maging witnesses para sa mga petitioners sa human rights at climate change investigation ng Commission on Human Rights. Si Bb. Llanos Dee ay climate justice campaigner ng Greenpeace Southeast Asia (Philippines); at ang Greenpeace ay isa sa mga petitioners. Kinuha ni Atty. Zelda DT Soriano, sa presensya ni Bb. Llanos Dee ang aming mga salaysay noong ika-18 ng Mayo 2018 sa opisina ng Greenpeace Southeast Asia-Philippines na matatagpuan sa Room 201 JGS Building, 30 Scout Tuazon Street, Barangay Laging Handa, Quezon City.*

*Ang Buklod Tao ay isang non-profit na organisasyon na nakabase sa San Mateo, Rizal na may misyon na paunlarin ang kamalayan, kahandaan at kapasidad ng mga mamamayan sa panahon ng mga kalamidad. Itinayo ito noong 1993 sa inspirasyon ng pagkakaisa ng mga mamamayan sa Brgy. Banaba, San Mateo, Rizal na noon ay lumaban para sa karapatan sa lupa at kagalingan ng komunidad.*

**Ka Noli:**

Saksi po ako sa mga siklo ng mga bagyo, natural disasters at delubyo. Kada sampung taon tila may malaking kalamidad na dumarating. Pero ang Ondoy ay sumira ng siklo—wala itong kaparis sa tindi at lakas sa mga naunang kalamidad—at parang nagpasimula ito ng panibagong siklo ng mas malalakas at mas matitinding pag-ulan, pagbaha at mga natural disasters.

Noong ginawa ko ang unang bangka, ang layunin ko ay para gamitin ito sa pagliliwaliw habang minamasdan ang noon ay napakaganda at malinis pang Ilog Marikina na dumudugtong sa Ilog Pasig na ang isang dulo ay lumalabas sa Lawa ng Laguna at ang kabilang dulo naman ay sa Lawa ng Maynila.

Pero nang lumaon ay nagamit ito sa pagre-rescue ng mga nabahura, na-stranded at naapektuhan ng mga baha, bagyo at iba pang disasters, na masasabing mga

karaniwang kaganapan sa aming lugar, palibhasa'y flood plain ang bahaging ito ng Pilipinas.

Sa panahon ng Ondoy naranasan ko, at habang nagre-rescue kami ay nasaksihan ko, ang pagkawasak at pagkawala ng lahat ng mahahalagang bagay sa buhay. Walang laban ang katawan ng tao at ang anumang istrukturang itinayo n'ya sa harap nang walang tigil na buhos ng malakas na ulan, rumaragasang baha at dagok ng kalikasan. Kaya kami nag-survive noon ay dahil sa aming determinasyon at pagkakaisa.

Sa ngayon, ang napapansin ko, sa bawat disaster, papadami nang papadami ang kailangang i-rescue. Siguro dahil papadami nang papadami rin ang populasyon. Pero kahit masarap ang pakiramdam ang nakakatulong sa mga rescue operations, aaminin kong nakakapagod din. Lalo't hindi tumitigil o nababawasan ang mga kalamidad. Lumalala pa nga dahil na rin sa climate change.

Pagkatapos ng Ondoy, ang dami ring naapektuhan ng malalakas na buhos ng ulan sa panahon ng habagat. Kahit na anong warning, kahit na anong paghahanda, wala pa ring masasabing handa at ligtas, dahil sa climate change.

**Ka Pablo:**

Sa isang iglap, dahil kay Ondoy, nawala ang lahat ng pinagpaguran namin para maitayo ang isang simple at disenteng bahay, naglaho ang ipinundar naming mag-anak na patahian nasira ng ganun lang, at lumabo ang mga plano naming mag-asawa para sa kinabukasan ng aming mga anak. Nung Ondoy, hindi ko makalimutan na pauwi ako tapos natatanaw ko na yun bahay kong nababaha. Ang sakit isipin na lahat ng pinaghirapan mo, sa isang iglap lang maaring mawala.

Pagkalipas ng Ondoy hindi rin naman lumipas ang mga problema at hamon sa aming buhay. Walang kaagad na pagkakitaan, mahirap ang pagkain. . . umabot ako sa punto na nagalit nga ako sa sarili ko dahil ako ang ama pero dahil kay Ondoy wala akong maipakain sa pamilya ko. May panahon na kahit may pera ka ngang konti, hindi rin namin basta basta mapakain ang pamilya kasi sarado rin lahat mga tindahan, lahat rin sila apektado. Ang tanging nasabi ko na lang sa asawa ko noon ay babangon tayo.

Pagkatapos ng mga bagyo, gumagawa kami ng community kitchen kung saan nagluluto kami para sa mga tao sa mga evacuation center, o yun mga taong naiiwan sa bahay. Pinaka masakit yun huling sandok ng pagkain, tapos marami pa yun nakapila. Grabe rin yun hirap na pinagdadaanan ng bawat pamilyang naapektuhan ng mga bagyong ito.

**Ka Francia:**

Nasa isang seminar ako at ilang ka-Barangay sa Dela Salle sa Taft Avenue nang maganap ang Ondoy. Nakalubog na sa baha ang buong kapaligiran. Para lang kami makalabas ng campus, pinagpatung-patong ang mga upuan at ginawang parang tulay na tinawiran namin para makapunta sa tuyong bahagi ng kalsada.

Paglabas namin ng La Salle, walang masakyan. Alalang-alala na ako sa mag-anak ko na naiwan sa bahay namin sa San Mateo. Kung baha na sa Maynila, sigurado akong mas malalim na ang baha sa aming lugar dahil mababang bahagi iyon.

Ilang oras na ay wala talagang masakyan. Kaya naglakad kami nang naglakad. Kung saan-saan kami nakarating pero walang masakyan. Basang basa na kami sa ulan at baha. Walang masilungan at walang mapagpahingahan kahit maihian. Magkakasama na ang luha, ulan, tubig-baha at ihi sa katawan ko. Nabasa, natuyo, nabasa ang suot ko. Namimitig at nanginginig na ako sa lamig. Pero ang isip ko ay naroon sa kung ano ang nangyayari sa aming lugar. Kumusta na kaya ang mga anak ko. Inabot na kami ng gabi, hanggang mag-madaling araw pero wala pa ring masakyan.

Nang sa wakas ay makarating kami sa aming Barangay, itinaboy din kami sa evacuation center. Hindi na kami naka-diretso pauwi ng aming mga bahay dahil ang buong Barangay ay nakalubog na sa baha.

Salamat sa Diyos at buhay at ligtas ang mga anak ko...pero kapag naaalala ko ang mga nangyari tulad ngayon, natatakot ako, nangangamba, at nananalangin na huwag na sanang maulit ang Ondoy. Pero sa mga napag-aralan namin tungkol sa climate change, may mga katulad pa ng Ondoy na darating na maaring mas malalakas at matitindi.

Nakikita ko rin iyan sa aming mga ginagawa sa Buklod Tao. Noon, tatlo-apat na bangka lamang ang pang-rescue. Sa ngayon, mas marami nang bangka ang kailangan para mag-rescue. Patuloy na lumalaki ang gastos sa rescue operations -- gas, pagkain, first aid at iba pa. Alam ko ito kasi ako ang nag-aasikaso ng mga pam-pinansyal at pang-administratibong bahagi ng rescue operations. Kung hindi mapipigilan ang mga sanhi ng climate change, hanggang saan makararating ang rescue operations na may limitadong pondo?

*Ito lamang po. Nakahanda po kaming panumpaan ang mga salaysay na ito.*

**Manuel A. Abinales**

**Pablo Taon III**

**Francia M. Encinas**